

GRADE VI


# MGA URI NG LIKAS NA YAMAN

## ALAMIN MO

Pagmasdan mo ang mga likas na yaman.









Ito ang mga likas na yaman ng bansa na makikita sa yamang kagubatan, yamang mineral, yamang tubig at yamang lupa. Ito rin ang yamang likas na pinagkukunan ng ikabubuhay sa bansa. Magkakaugnay ang bawat bahagi sa mga yamang ito. Ang anumang pagkasira o pagkaubos nito ay magbibigay ng karagdagang suliranin sa ating bansa.

Sa modyul na ito malalaman mo na ang mga yamang likas ay mapapangkat-pangkat ayon sa uri nito.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Nakatala sa ibaba ang mga likas na yaman na matatagpuan sa kagubatan, karagatan, kalupaan at minahan. Magbalik tanaw ka sa iyong napag-aralan sa mga likas na yaman na matatagpuan sa ibat-ibang panig ng bansa.

Isulat mo kung saan matatagpuan ang mga likas na yaman.

| Likas na Yaman | Pook |
|---|---|
| 1. palay, mais, patatas, ginto | |
| 2. ginto, pilak, nickel, copper | |
| 3. gulay, palay | |
| 4. palay, mais, tubo | |
| 5. palay, mais, pataba | |

*(Maaring tingnan ang Mapang Pangkabuhayan sa pagtukoy ng lugar)*

## PAG-ARALAN MO

Ang mga pulo ng Pilipinas ay may kanya-kanyang yaman na dapat ipagmalaki. Maraming pagbabago ang nangyayari sa paligid habang nagdaraan ang panahon. Lumalaki ang populasyon, dumarami ang iba't ibang pangangailangan at suliranin kaugnay sa pangangailangan at pamumuhay ng tao sa araw-araw. Anong mangyayari kung walang pagmamalasakit na nakikita sa taong bayan sa pangangalaga sa likas na yaman? Tandaan na may hangganan at nauubos ito.

1. Pag-aralan mo ang tsart

| Yamang Hindi Nauubos | Yamang Napapalitan | Yamang Nauubos |
|---|---|---|
| | | |

2. Basahin mo ang teksto.

Ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman na nanggagaling sa lupa, sa gubat, mineral at tubig. Iilang bansa lamang ang makapapantay rito.

May likas na yamang nauubos at hindi na napapaliitan. Mayroon namang nauubos ngunit napapalitan pa.

Ang yaman ng lupa bagamat nauubos ay maaring mapalitan. Nauubos ang taba ng lupa at nadadala ng agos ng tubig ngunit nanunumbalik sa pamamagitan ng patabang organik. Ang naaagnas ay naibabalik ng nabubulok na halaman, dahon, damo at mga siit na kahoy.

Ang yamang gubat ay nauubos din. Ang mga punongkahoy, pagkatapos maputol, ay maaring manumbalik dahil sa mga buto o ugat na muling tutubo.

Hindi tuluyang mauubos ang mga yamang galing sa tubig dahil ang mga isda, kabibe, hipon at mga perlas ay nangingitlog na muli at patuloy ang kanilang paglago. May panganib din na mauubos ang mga ito kung hindi mapangalagaan mabuti ang mga yamang tubig, gaya ng pagamit ng dinamita, labis na pangingisda at polusyon sa tubig.

Subalit ang mga yamang mineral ay hindi na napapalitan. Nasusukat ng mga minero ang laki o dami ng namimina sa isang minahan. Kapag nahukay nang lahat ang mina doon tiyak naubos na ito. Wala nang tutubong mineral. Wala nang magagawa upang madagdagan o maibalik pa ang mineral. Kaya naman itinakda ng pamahalaan na iwasan ang pang-aabuso sa mga minahan.

Sagutin mo ang mga tanong:

- *Ano-anong uri ng likas na yaman ang napapalitan o yamang di-nauubos?*
- *Ano naman ang mga likas na yaman na di-napapalitan o yamang nauubos?*
- *Bakit dapat na malaman mo na may mga likas na yaman na napapalitan at di-napapalitan?*
- *Sa palagay mo ba magkakaroon ng problema o suliranin sa labis na paggamit ng likas na yaman kung walang gagawing pag-iingat ang mga tao?*
- *Ano ngayon ang gagawin mo sa paggamit ng likas na yaman na alam mong nauubos?*



Ngayon tukuyin mo ang mga likas na yaman na nauubos at di-nauubos sa pagtatala sa grapikong ito.

**Mga Likas na Yaman**

| Nauubos | Di-Nauubos |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |
| 6. | 6. |

## PAGSANAYAN MO

Sagutin mo ito.


1. Ano ang di-nauubos na likas na yaman?
   A. tubig
   B. endangered animals
   C. plastik
   D. ginto

2. Alin ang dahilan ng kakulangan sa produksyon sa ating bansa?
   A. pagkakalayu-layo ng mga pulo
   B. katamaran ng mga manggagawa
   C. hindi pangangalaga nang mabuti sa ating likas na yaman
   D. kakulangan sa mga makabagong kagamitan

3. Bakit mahalaga ang wastong paggamit ng likas na yaman?
   A. upang kumita nang malaki
   B. upang matulungan ang mahihirap
   C. upang maitaguyod ang sariling kapakanan
   D. upang matamo ng Pilipinas ang pambansang kaunlaran

4. Bakit itinakda ng pamahalaan ang pagmimina sa bansa? Upang
   A. maiwasan ang polusyon
   B. mabawasan ang mga minero
   C. mabawasan ang gastusin ng pamahalaan
   D. maiwasan ang pang-aabuso sa mga minahan

5. Bawal magtroso ng matitigas na punongkahoy sa gubat sa inyong pook. Ngunit isang araw nakita mong dumaan ang isang trak at may lamang pinutol ang malalaking puno. Kahit alam mo na ito ay yamang napapalitan, ano ang gagawin mo?
   A. isusuplong sa pulis ang nakita
   B. ibabahagi sa magulang ang nakita
   C. magkukunwaring walang nakikita
   D. pag-usapan ang nakita kasama ang mga barkada




**TANDAAN MO**

- *Ang mga yamang kalupaan, karagatan at minahan ay napapangkat sa dalwang uri.*
- *Yamang napapalitan o yamang di-nauubos.*
- *Yamang di-napapaplitan o yamang nauubos.*

- *Ang yamang napapalitan ay mga bagay-bagay na nakikita natin sa kapaligiran tulad ng mga halaman at punongkahoy.*

- *Ang yamang di-napapalitan ay ang mineral na hindi na muling tutubo o magkakaroon pa ng pinagkukunan.*





## ISAPUSO MO

Matapos mong malaman ang mga uri ng likas na yaman – yamang nauubos at yamang di-napapalitan paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa paggamit nito?

Ipakita mo sa tsart ang tama at dapat gawin sa halip ng mga maling ginagawa na nasa kaliwang hanay.

| Maling Ginagawa | Dapat/Tamang Gawain |
|---|---|
| A. pag-ubos ng mga tao sa mga puno sa kagubatan.<br><br>B. pagbili ng mga ginto ng mga dayuhan sa bansa.<br><br>C. paggamit ng pinong lambat sa pangingisda.<br><br>D. pagpapabaya sa pagiging masukal ng kagubatan.<br><br>E. paggawang tapunan ng dumi ng mga tahanan at pabrika ang mga ilog at iba pang katubigan. | |



## GAWIN MO

Pangkatin ang sumusunod na likas yaman ng bansa. Isulat ang mga ito sa angkop na hanay.

| | | |
|---|---|---|
| isda | tubig | ibon |
| punong-kahoy | gas | bungang-kahoy |
| lupa | ginto | metal |





## PAGTATAYA

Isulat ang **N** kung napapalitan ang likas na yaman sa listahan at **H** naman kung hindi napapalitan.

__________ 1. suso

__________ 2. bakal

__________ 3. pusit

__________ 4. abaka

__________ 5. marmol

__________ 6. langis

__________ 7. saging

__________ 8. buhangin

__________ 9. Philippine Eagle

__________ 10. halamang ornamental

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ng poster tungkol sa mga likas na yaman ng bansa. Ipaliwanag ang mensaheng isinasaad ng poster.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.